RHU

OFFICE OF THE MAYOR
Bustos, Bulacan
RECEIVED
by: [signature]
Date: 8-23-23 Time: 3:25

# KAPASIYAHAN BLG. 2023-117

**"NAGBIBIGAY PAHINTULOT SA PUNONG BAYAN, IGG. FRANCIS ALBERT G. JUAN, NA KATAWANIN ANG PAMAHALAANG BAYAN AT LUMAGDA SA ISANG *MEMORANDUM OF AGREEMENT* (MOA) SA PAGITAN NG PAMAHALAANG BAYAN NG BUSTOS, BULACAN AT NG DEPARTMENT OF SCIENCE AND TECHNOLOGY REGIONAL OFFICE NO. III (DOST-R3) NA KAKATAWANIN NG KANILANG REGIONAL DIRECTOR NA SI DR. JULIUS CAESAR V. SICAT, CESO III NA NAUUKOL SA PAGPAPATUPAD NG PROYEKTO NA MAY PAMAGAT NA 'ROLL-OUT OF 1000 RXBOX TELEHEALTH DEVICE IN SELECTED RURAL HEALTH CENTERS IN THE PHILIPPINES'."**

---

*Pinagtibay sa pagtataguyod ni:*

**Igg. Juliet DJ. Dela Cruz**
*Tagapangulo*
**Lupon sa Kalusugan at Sanitasyon**

---

**SAPAGKA'T,** naghain ng kahilingan ang Punong Bayan, Igg. Francis Albert G. Juan, ukol sa isang *Memorandum of Agreement* (MOA) sa pagitan ng Pamahalaang Bayan ng Bustos, Bulacan at ng Department of Science and Technology (DOST);

**SAPAGKA'T,** ang kasunduang ito ay nauukol sa pagbibigay ng RxBox na naglalaman ng iba't ibang kagamitan sa pag-monitor ng kalusugan sa RHU at mga Lying-in Clinics;

**SAPAGKA'T**, sa masusing pag-aaral ng Lupon ng Kalusugan at Sanitasyon ay napatunayang ang kasunduang ito ay lubos na makakatulong sa mga mamamayang Bustosenyo na magkaroon ng access sa mga kagamitan na maaaring makapagligtas sa kanilang buhay.

**KUNG KAYA'T,** sa pagtataguyod ni **IGG. JULIET DJ. DELA CRUZ** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sa pulong na ito.

**IPINASIYA, gaya ng dito ay IPINASISIYA**, na pagtibayin ang isang *Memorandum of Agreement* (MOA) sa pagitan ng Pamahalaang Bayan ng Bustos, Bulacan at ng Department of Science and Technology Regional Office No. III (DOST-R3) na kakatawanin ng kanilang Regional

Director na si Dr. Julius Caesar V. Sicat, CESO III na nauukol sa pagpapatupad ng proyekto na may pamagat na "Roll-out of 1000 RxBox Telehealth Device in Selected Rural Health Centers in the Philippines".

**PINAGTIBAY,** ngayong ika-22 ng Agosto taong Dalawang Libo at Dalawampu't Tatlo sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.

**Marie Niña Nikkie Perez, MA**
Kasangguni

**Leo T. Santos**
Kasangguni

**Phillip Wryner B. Santos**
Kasangguni

**Juliet DJ. Dela Cruz**
Kasangguni

**Aljhaneal E. Quiñones**
Kasangguni

**Soliman C. Santos**
Kasangguni

**Wilfredo G. Canoza**
Kasangguni

**John Erick L. Perez**
Kasangguni

**Virgilio S. Paglinawan**
ABC President

**Angelica DL. Tadeo**
SK President

**PINAGTITIBAY:**

**Martin SJ. Angeles**
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

**SERTIPIKASYON:**

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-22 ng Agosto taong Dalawang Libo at Dalawampu't Tatlo.

**ATTY. GERARDO S. BRIASA**
Kalihim